| Aralin 14 | الدرس الرابع عشر |
|---|---|

## Ang Shirk at ang mga Uri Nito

Ang Shirk ay ang gumawa ang tao para kay Allāh ng isang kaagaw sa pagkapanginoon Niya o pagkadiyos Niya o sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Ang Shirk ay dalawang uri: malaking Shirk at maliit na Shirk.

Una. Ang Malaking Shirk. Ito ay ang pagbaling ng anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allāh. Ang tagagawa nito ay pamamalagiin sa Impiyerno kung namatay nang hindi nagbabalik-loob kay Allāh mula roon. Ito rin ay tagapagpawalang-kabuluhan sa mga gawa. Nagsabi si Allāh (Qur'an 6:88): "Kung sakaling nagtambal sila ay talaga sanang nawalang-kabuluhan para sa kanila ang dati nilang ginagawa." Ang Malaking Shirk ay hindi pinatatawad ni Allāh malibang sa pamamagitan ng tapat na pagbabalik-loob. Nagsabi si Allāh (Qur'an 4:48): "Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan Siya at magpapatawad naman Siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang loloobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay gumawa-gawa nga ng isang kasalanang sukdulan.” Kabilang sa mga uri ng Malaking Shirk ang pagdalangin (du`ā’) sa iba pa kay Allāh, o ang pamamanata (nadhr) sa iba pa kay Allāh, o ang pagkakatay (dhabḥ) para sa iba pa kay Allāh, o ang gumawa ng iba pa kay Allāh na mga kaagaw na iniibig gaya ng pag-ibig kay Allāh, gaya ng sinabi Niya (Qur’an 2:165): “Mayroon sa mga tao *na gumagawa sa iba bukod pa kay Allāh bilang mga kaagaw, na umiibig sila sa mga ito gaya ng pag-ibig kay Allāh samantalang ang mga sumampalataya ay higit na matindi sa pag-ibig kay Allāh. Kung sana nakakikita ang mga lumabag sa katarungan, kapag nakikita nila ang pagdurusa, na ang lakas ay sa kay Allāh *nang lahatan at na si Allāh ay matindi ang parusa!”

Ikalawa. Ang Maliit na Shirk. Ito ay ang anumang napagtibay mula sa mga teksto ng Qur’an at Sunnah ang pagkatawag na shirk subalit ito ay hindi umabot sa hangganan ng Malaking Shirk. Ang uring ito ay hindi nagpapapalabas mula sa Islām subalit ito ay nakababawas sa pananampalataya sa Tawḥīd. Gaya nito ang kaunting pagpapakitang-tao, ang pagsabi ng niloob ni Allāh AT niloob mo at kung sakaling hindi dahil kay Allāh AT sa iyo, ang panunumpa sa iba pa kay Allāh nang walang paniniwala na ang sinusumpaan ay nagpakakinabang o nakapipinsala bukod pa kay Allāh, ang pagsabi ng ang niloob ni Allāh AT niloob ni Polano, at ang tulad nito. Batay ito sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {“Ang pinakapinangangambahan ko sa pinangangambahan ko para sa inyo ay ang Maliit na Shirk.” Tinanong siya tungkol sa kung ano ito kaya nagsabi siya: “Ang pagpapakitang-tao.”} (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad at ang kawing ng pagkakapaabot nito ay mahusay.) Nagsabi pa ang Propeta (s): {Ang sinumang sumumpa sa iba pa kay Allāh ay nagtambal nga [sa Kanya].} (Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 2829.)

Kabilang sa mga gawaing napaloloob sa uring ito ng Shirk din ang pagsusuot ng mga anting-anting at mga agimat, ang pagsusuot ng singsing at sinulid para sa pagtutulad ng mga karamdaman o mga kasawian o pagsanggalang laban sa mga ito. Subalit kung sakaling naniwala ang tao na ang mga ito ay nagpapakinabang o nakapipinsala mismo at na ang mga ito ay hindi kadahilanan lamang, tunay na ang taong ito ay pumapasok sa Malaking Shirk.